KAPAG MASAKIT ANG BUHAY:

ANO ANG ITINUTURO NG ISLAM TUNGKOL SA PAGTITIIS?

Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino

Bahagi ng buhay ng tao ang paghihirap.

Ang karamdaman, pagkawala, takot, pagkabigo, at mga hindi inaasahang pagbabago ay maaaring magtulak sa isang tao na magtanong:

> *"Bakit nangyayari ito sa akin, at paano ako magpapatuloy?"*

Hindi itinuturo ng Islam na ang pagtitiis ay nangangahulugang magkunwaring hindi totoo ang sakit.

Ang pagtitiis ay nangangahulugang manatiling nakaugnay sa Allah habang ikaw ay nasasaktan. Nangangahulugan itong hindi mo hinahayaang itulak ka ng paghihirap sa kawalan ng pag-asa, habang patuloy mong ginagawa ang tama at ginagamit ang mga paraang nasa iyong kakayahan.

- Maaari kang malungkot at manatiling matiisin.
- Maaari kang umiyak at manatiling matiisin.
- Maaari kang humanap ng paggamot, suporta, at mga solusyon habang patuloy kang nagtitiwala sa Allah.

Ang mga propeta mismo ay dumaan sa matitinding pagsubok.

Ang kanilang paghihirap ay hindi patunay na pinabayaan sila ng Allah. Ipinapakita ng kanilang buhay na maaaring magsabay ang pananampalataya at sakit.

Sinabi ng Allah, na ang kahulugan ay:

"Ngunit magbigay ka ng magandang balita sa mga matiisin; yaong kapag dinapuan sila ng sakuna ay nagsasabi: 'Tunay na kami ay pag-aari ng Allah at tunay na sa Kanya kami babalik.'"

Qur'an 2:155–156

Binabago rin ng pagtitiis ang paraan ng pag-unawa ng isang mananampalataya sa paghihirap.

Ang isang mahirap na sandali ay hindi kinakailangang maging isang sandaling walang kahulugan.

Itinuturo ng Islam na ang paghihirap na tinitiis nang may pananampalataya ay maaaring maging dahilan ng gantimpala. Maaari nitong mapawi ang mga kasalanan, itaas ang antas ng isang mananampalataya, at ilapit ang puso sa Allah.

Hindi ito nangangahulugang dapat hanapin ng mga Muslim ang paghihirap.

Itinuturo ng Islam na humingi tayo sa Allah ng kaligtasan at kagalingan, humanap ng paggamot kapag may sakit, lutasin ang mga problemang kaya nating lutasin, at humingi ng tulong sa iba kapag kailangan natin ito.

Ngunit kapag may bagay na nananatiling wala sa ating kontrol, binibigyan ng pagtitiis ang puso ng paraan upang magpatuloy.

Sa halip na pilitin ang sarili na huwag makaramdam ng anuman, ipaalala sa sarili:

- Nakikita ng Allah ang aking dinadala.
- Naririnig ng Allah ang aking mga panalangin.
- Hindi magtatagal magpakailanman ang paghihirap na ito.
- At walang taos-pusong pagtitiis ang nawawala sa Allah.

Ang pagtitiis ay hindi kahinaan.

Kung minsan, ang pagtitiis ay ang patuloy na pagdarasal kahit mabigat ang iyong puso.

Kung minsan, ito ay ang muling pagsubok pagkatapos ng isang mahirap na araw.

Kung minsan, ito ay ang pagtanggap sa hindi mo kayang baguhin habang patuloy mong ginagawa ang kaya mong baguhin.

Totoo ang sakit.
Ngunit sa Islam, hindi ito kailangang mawalan ng kahulugan.

MAGTIIS.
GAWIN ANG TAMANG MGA HAKBANG.
PANATILIHIN ANG IYONG PAG-ASA SA ALLAH.